# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I




**MODYUL 17**
**ANG PILIPINAS SA ILALIM NG BATAS MILITAR**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 17**

**ANG PILIPINAS SA ILALIM NG BATAS MILITAR**

Hindi naging kaila sa atin, mula sa nakaraang modyul, ang mga hamon ng pagiging malaya. Hindi lubusang nabigyang lunas ang suliraning pangkabuhayan sa panahon ng pamumuno ni Pangulong Macapagal. Ito ang nagbigay daan para sa pagkahalal ni Pangulong Marcos.

Sa modyul na ito, liliwanagin sa iyo ang mga dahilan ng pagkadeklara ng Batas Marsyal ni Pangulong Marcos at ang mga pagbabagong naganap sa panahon ng Batas Militar.

Gagabayan ka ng modyul sa pagdedesisyon kung nararapat o hindi ang batas militar sa ating bansa. Subalit nasa iyo pa rin ang huling paspapasya.

Ang matututunan mo sana sa modyul na ito ay magsilbing aral upang hindi na maulit ang masamang karanasan nating mga Pilipino.

May tatlong aralin sa modyul na ito:

Aralin 1: Ang Batas Marsyal at Mga Dahilan sa Pagdedeklara Nito

Aralin 2: Ang Awtoritaryanismong Konstitusyonal ng Pamahalaang Marcos

Aralin 3: Mga Pagbabagong Dulot ng Batas Marsyal

Pagkatapos mo sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maiisa- isa ang mga dahilan sa pagdedeklara ng batas militar;
2. Mailalahad ang mga pagbabagong naranasan ng mga Pilipino sa panahon ng batas militar;
3. Maipaliliwanag sa sariling salita kung ano ang batas militar at awtoritaryanismong konstitusyonal;
4. Matutukoy ang mga pagbabago sa panahon ng batas militar; at
5. Mapahahalagahan ang mga nangyari sa ilalim ng batas militar at mga natutuhan ng mga Pilipino sa wastong pamumuno.




**PANIMULANG PAGSUSULIT**

**A. Panuto:** Isulat ang **T** kung **tama** ang isinasaad ng pangungusap at **M** kung ang pangungusap ay **mali.**

1. Nasiyahan ang mga Pilipino sa pangalawang panahon ng panunungkulan ni Pangulong Marcos. ___
2. Madalas ang mga *rally* at demonstrasyon ng mga mag-aaral at manggagawa sa panahon ni Pangulong Marcos. ___
3. Disiplinado ang mga kawani ng pamahalaan sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Marcos. ___
4. Sinuspinde ni Pangulong Marcos ang *"writ of habeas corpus*," sa panahon ng batas marsyal. ___
5. Nagkakasundo ang Muslim at Kristiyano nang panahong ito. ___
6. Hinuli ang mga lider ng samahan ng manggagawa at estudyante ng walang *warrant of arrest*. ___
7. May kalayaan ang mga mamamahayag sa panahon ng batas marsyal. __
8. Sumibol ang maraming samahan tulad ng CPP (*Communist Party o the Philippines*) sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Marcos. ___
9. Ang maraming *rally* noon ay tinawag ding *Parliament of the Streets*. ___
10. Pilipino ang higit na nakinabang sa ating likas na yaman sa panahon ni Pangulong Marcos. ___

**B. Panuto:** Kilalanin kung ang pangungusap ay dahilan o pagbabagong ibinunga ng batas militar. Isulat ang bilang sa tamang kahon sa ibaba.

1. Pagiging makapangyarihan ng militar.
2. Pagkahuli sa barkong MV Karagatan sa Palanan, Isabela. Naglalaman ito ng mga di-rehistradong armas.
3. Pinangasiwaan ng pamahalaan ang mga serbisyong kailangan ng tao tulad ng kuryente at telepono.
4. Paglaganap ng gulo at kriminalidad sa bansa.
5. Pakikipag-ugnayan sa ibang bansa ng Unang Ginang Imelda Marcos.
6. Pag-alis ng mga namumuhunang dayuhan.

7. Pagkawala ng kalayaan ng midya.
8. Pagkatatag ng CPP-NPA (*Communist Party of the Philippines- New People's Army*).
9. Patuloy na pagtaas ng mga bilihin.
10. Paghuli sa mga kumakalaban sa pamahalaang Marcos.


| **Dahilan** | **Pagbabagong Ibinunga** |
| --- | --- |
| | |

**ARALIN 1**

**ANG BATAS MARSYAL AT MGA DAHILAN NG PAGKADEKLARA NITO**



Sa aralin, ito iisa-isahin natin ang mga dahilan kung bakit minabuti ng Pangulong Marcos noon na ideklara ang batas marsyal.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maiisa-isa ang ilan sa mga panlipunan, pangkabuhayan at pampulitikang dahilan ng pagkakadeklara ng batas marsyal; at
2. Matutukoy ang mga dahilan ng pagkakadeklara ng batas marsyal.

Bago tayo magsimula, pansinin mo ang larawan at sagutin ang mga tanong.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Larawan ng isang bata sa gitna ng isang pambobomba o terorismo.

**1.** Isipin mong ikaw ang batang nasa larawan. Ano ang gagawin mo upang umayos ang sitwasyon?

**2.** Sino sa iyong palagay ang may kakayahang mag-ayos ng ganitong kaguluhan sa ating barangay? Maglista ng tatlo.

## Mga Pangyayaring Naging Daan ng Batas Militar

Tama ka! Kapag may gulo ang bansa, mga opisyal ng pamahalaan o maging ang pangulo ng bansa ang nag-aayos nito! Sino ang pangulo ng taong 1970? Magulo daw ang panahong ito ayon sa nakaraang modyul na iyong pinag-aralan. Kilala mo ba si Pangulong Ferdinand E. Marcos?

Ang unang panunungkulan ni Pangulong Marcos mula 1965 hanggang 1969 ay may layuning gawing dakilang muli ang Pilipinas. Ang sabi niya: *"This nation can be great again!"* Malawakang paggawa ng kalye, tulay, patubig at paaralan ang kanyang pinasimulan. Nabawasan ang krimen, lumaki ang produksyon sa agrikultura dahil sa reporma sa lupa at dumami ang serbisyo ng pamahalaan lalo na sa kalusugan. Nabago rin ang hukbong sandatahan at nakipag-ugnayan tayo sa iba't ibang bansa.

**SUBALIT…** nang muli siyang mahalal noong taong 1969, nagbago ang sistema ng kanyang pamamalakad. Maraming Pilipino ang nagalit dahil sa pambansang kahirapang ibinunga ng labis na paggasta at pangungutang ng pamahalaang Marcos sa ikalawang termino nito.

Iisa-isahin natin ang mga pangyayari sa bansa na nagtapos sa pagdedeklara ng Batas Marsyal.

## Mga Suliraning Pangkabuhayan

Sa pangalawang termino ni Pangulong Marcos, patuloy na lumaki ang panlabas na utang ng pamahalaan. Ang mga proyektong kanyang sinimulan ay ipinangutang niya sa mayayamang bansa.

Tumaas din ang halaga ng langis sa pandaigdigang palengke. Patuloy na umangkat ang Pamahalaang Marcos, kayat tumaas din ang halaga ng mga bilihin.

Binuksan ni Marcos ang bansa sa mga dayuhang mamumuhunan. Ngunit nilapastanganan naman ng mga ito ang ating likas na yaman. Patuloy na yumaman ang mga kapitalista at patuloy namang naghirap ang mga mahihirap.

**Mga Suliraning Panlipunan**

Bunga ng mga suliraning pangkabuhayan, nagsimula ang maraming suliranin sa lipunan. Ang mga mayayaman at mga puilitiko ay nagtatag ng kani-kanilang *private army*. Madali ang pamimili ng mga armas at baril; karamihan ay galing sa ibang bansa. Habang nangyayari ito, tumaas ang antas ng krimen sa bansa, marahil dahil sa malayang bilihan ng armas at lumalagong mga *private army*.

Samantala, dahil sa pahirap nang pahirap ang buhay at maliit na kita ng mga manggagawa, nagsimula ang maraming pag-aaklas na sinuportahan ng mga aktibistang mag-aaral. Ang mga manggagawa at mag-aaral ay halos araw-araw na laman ng lansangan upang mag-*rally* o magdemonstrasyon laban sa pamahalaang Marcos. Dito nagsimula ang *parliaments of the streets.*

**Mga Suliraning Pampulitika**

Dahilan sa mga nagaganap sa lipunan, dumami ang nawalan ng tiwala sa pamahalaan at sa mapayapang reporma. Iba't ibang samahan na may iba't ibang simulain ang natatag. Ilan sa mga ito ay ang CPP (*Communist Party of the Philippines*), NDF (*National Democratic Front*), at NPA (*New People's Army*). Mga intelektuwal, mga manggagawa, at mga mag-aaral ang kasapi sa mga samahang iyon. Ang iba'y namundok at nagplano ng pag-aalsa. Sa Mindanao, lumala naman ang hidwaang Kristiyano at Muslim at naitatag ang MNLF (*Moro National Liberation Front*).

Ang mga *rally* at demonstrasyon ay naging magulo. Nagkaroon ng mga paglalaban ng militante ng demonstrador at militar. Noong Agosto 21, 1972, nagkaroon ng isang malaking pagsabog sa Plaza Miranda sa Maynila, ang pook na madalas pagdausan ng mga demonstrasyon. Dahil sa mga kaguluhan, nilagdaan ni Pangulong Marcos ang Proklamasyon 889 o pagsuspindi sa *Writ of Habeas Corpus* at pagkaputol ng karapatang dinggin sa hukuman ang mga kaso ng mga inaaresto ng pamahalaan.

Sinasabing noong Setymbre, 1971, si Kalihim Juan Ponce Enrile ng Tanggulang Pambansa ay tinambangan ng mga rebelde at muntik nang

mapatay. Ito ay pagkaraang hulihin ang MV Karagatan sa Palanan, Isabela. Ang barko ay naglululan ng mga di-rehistradong armas.



Noon ding buwang iyon, ibinunyag ni Senador Benigno “Ninoy” Aquino ang planong pagdedeklara ng Batas Marsyal ni Pangulong Marcos sa ilalim ng planong *“Oplan Saguittarius.”* Si Aquino ang matinding kalaban ni Pangulong Marcos sa pulitika at may kakayahan sanang maging pangulo rin ng bansa.

**Ang Deklarasyon ng Batas Militar**

Dahil sa nabanggit na mga pangyayari, isang tahasang kasagutan sa nabubuong panganib ang naging aksyon ng Pangulong Marcos. Noong Setyembre 21,1972, narinig ang sirena ng pulis sa buong Pilipinas. Nawalan ng kuryente ang buong bansa. Nang magka-kuryente, nawala naman ang mga programa sa radyo at telebisyon. Nang bumalik ang kuryente, tumambad sa telebisyon ang larawan ni Pangulong Marcos sa lahat ng istasyon.





“I signed proclamation No. 1081…” Ito ang mga katagang kanyang binitiwan. Maraming nag-alala at natakot sa panig ng mga bumabatikos kay Pangulong Marcos. Sa isang banda, may mga natuwa rin sapagkat inaakala nilang mababawasan ang kaguluhan sa lipunan.

Ang Saligang Batas ng Pilipinas 1935 ang naging batayan ni Pangulong Marcos sa pagdedeklara ng Batas Marsyal. Sa Artikulo VII, Seksyon 10 ng Saligang-Batas, nasasaad na: “Ang Pangulo ang kumandante ng lahat ng


sandatahang lakas ng Pilipinas; kailanman at kakailanganin, maaari niyang tawagan ang sandatahang lakas para magapi ang mga taong gumagawa ng karahasang labag sa batas gaya ng pananakop, paghihimagsik o rebelyon. Maaari niyang suspindihin ang *writ of habeas corpus* o ilagay ang bansa o alinmang bahagi nito sa ilalim ng Batas-Militar!"

Ang Batas Militar sa Pilipinas ay bukod tangi. Sa ibang bansa, sa ilalim ng Batas Militar, ay sibilyan pa rin ang may kapangyarihan bagamat ang pamumuno ay hawak ng militar ng bansa. Sa Pilipinas, malawak ang naging kapangyarihan ni Pangulong Marcos. Nagpatuloy siya bilang Pangulo at kumandante ng lahat ng militar, at nagpatupad ng maraming pagbabago. Noong Hulyo 27-28, 1973, pinagtibay ng isang referendum ang malawak na kapangyarihan ni Pangulong Marcos. Sa tanong na "Nais pa ba ninyong mamuno si Marcos…?" 90% ang sumagot ng Oo.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I.




1. Tawag sa araw- araw na pagrarali ng mga Pilipino noong 1970.
2. Karapatang humarap sa korte ang nahuli upang malaman kung legal ang kanyang pagkakaditene.
3. Mga nahuli sa Palanan, Isabela. Sakay ng MV Karagatan.
4. Kasama ng mga manggagawa sa araw - araw na pagrarali.
5. Grupo ng mga Muslim na kumalaban sa pamahalaang Marcos noon.
6. Organisasyong may kakaibang simulain, nabuo noong 1963.

7. Sec. Of Defense na kunwaring inambush noong Sept. 1971.
8. Pangulong nagdeklara ng Batas Marsyal.
9. Mga dayuhang umalis sa Pilipinas dahil sa tumataas na bilang ng krimen.
10. Kalakal mula sa Saudi Arabia na patuloy na tumataas, dahilan ng pagtaas ng lahat ng presyo noon sa Pilipinas.
11. Lugar kung saan nagdaos ng political rali ang Liberal Party, binomba ng mga di pa rin nakikilalang mga tao hanggang ngayon.
12. Mga inaasahang tutulong sa mga Pilipino noon, pero umabuso din.

**II.** Isulat ang S, kung sang-ayon ka, at HS kung hindi ka sang-ayon sa pahayag.

_____1. Agosto 23, 1972 ng ipahayag ng Pangulo ang Batas – Militar.

_____2. Makapangyarihan ang mga sundalo at pulis sa panahon ng Batas-Militar.

_____3. Maraming Pilipino ang sumaya ng ideklara ang Batas-Militar.

_____4. May legal na batayan ang pagpapahayag ng Batas-Militar ng Pangulong Marcos.

_____5. Lahat halos ng Pangulo ng Pilipinas ay nagdeklara ng Batas-Militar.

_____6. Referendum ang tawag sa halalang nagpatatag sa Batas-Militar ng Pangulong Marcos.

_____7. Proclamation 1081 ang legal na katawagan sa Batas-Militar ng Pangulong Marcos.

_____8. Kung magiging pangulo ka balang araw, magandang paraan ang Batas-Militar upang patagalin ang inyong panunungkulan.

_____9. Tama ang pagkakasuspinde ni Pangulong Marcos sa "Writ of Habeas Corpus."

_____10. Pareho sa ibang bansa ang Batas-Militar na umiral sa Pilipinas noong 1972.



**Tandaan Mo!**

- Ang mga dahilan sa pagkadeklara ng Batas-Marsyal ay gumugulong sistemang pangkabuhayan, pampulitika at panlipunan.
- Sa ilalim ng Batas-Marsyal o Batas-Militar, may kapangyarihan ang pangulo bilang kumandante ng lahat ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas upang magapi ang anumang uri ng rebelyon, karahasan o kaguluhan.
- Ang Saligang-Batas 1935 ang pinagbatayan ng Martial Law ni Pangulong Marcos. Lalo pa itong pinatibay ng referendum noong Hulyo,1973.
- Kakaiba ang Batas-Militar na ito dahil tanging ang pangulo at sundalo ang makapangyarihan. Naging malawak lalo ang kapangyarihan ng pangulo.



**Gawain 3: Paglalapat**


1. Kung ikaw si Pangulong Marcos noon, Idedeklara mo rin ba ang Batas-Militar? Bakit? ______________________________________________.
2. Suriin mo ang mga nangyayari sa Pilipinas sa kasalukuyan. Kailangan bang magkaroon uli ng Batas-Militar? Gugustuhin mo ba ito? Bakit?

   ______________________________________________________________.

**ARALIN 2**
**ANG AWTORITARYANISMONG KONSTITUSYONAL NI PANGULONG MARCOS**



Katulad ng nabanggit sa Aralin 1, kakaiba sa ibang bansa ang Batas-Militar na pinairal ng Pangulong Marcos. Gusto mo bang malaman kung ano ito? Ang araling ito ang magpapaliwanag.



Inaasahang magagawa mo ang sumusunod pakatapos mong pag-aralan ang araling ito:

1. Masusuri ang mga dahilan kung bakit tinawag na awtoritaryanismong konstitusyonal ang Batas-Militar sa Pilipinas, at
2. Maipaliliwanag sa sariling salita kung ano ang awtoritaryanismong konstitusyonal.



**Gawain 1:Pag-isipan Mo!**

Narinig mo na ba ang salitang awtoritaryan? Bilugan ang mga salita o pariralang nasa kahon na may kaugnayan sa konseptong awtoritaryan.

| | |
|---|---|
| Pananaig ng pinuno | Demokratiko |
| May kalayaan sa pagsasalita | Pananaig ng sibilyan |
| Konsultasyon sa tao | Diktador |
| Pwedeng tumutol sa pinuno | Di pwedeng tumutol |

**Ang Bagong Pamahalaang Awtoritaryan**

Pagkaraang ideklara ni Pangulong Marcos ang Batas-Militar, pinirmahan ni Pangulong Marcos ang tinatawag na “Presidential Decrees,” upang maging gabay sa kanyang pamahalaan. Tinawag niya ang kanyang pamahalaan na Awtoritaryang Konstitusyunal. Lahat ng mga direktiba ay itinuring na utos ng Pangulo.

**Ang Batas Senado 77:**

Ito ang nag-utos sa pagdaraos ng Con-con o Kumbensyong Pangkonstitusyon. Sa kumbensyong ito, binago ang Saligang-Batas ng Pilipinas at nilagdaan noong Nobyembre 30, 1972. Ito ang naging Saligang-Batas 1973.

**Ang Referendum ng 1973**

Iniutos ni Pangulong Marcos sa pamamagitan ng dikretong ito ang pagtatanong sa mga taong bayan tungkol sa kanilang pagsang-ayon o di-pagsang-ayon sa pamahalaan ng barangay, bagong Saligang-Batas, pagpapatuloy ng Batas-Militar at plebisito para mapagtibay ang bagong Saligang-Batas.

Sa Referendum na ginanap noong Hulyo 27-28, 1973, 90% ng mga sumagot sa mga tanong ay sumagot ng "Oo." Samakatuwid, lumalabas na ginusto ng tao ang mga pagbabago sa pamahalaan.

**Ang Parlyamentaryong Pamahalaan**

Sa Saligang-Batas 1973, na inaprubahan sa Referendum ng 1973, itinakda ang Parliyamentaryong Pamahalaan. Ang kapangyarihan ng tagapagpaganap at tagapagbatats ay napasailalim ng isang Punong Ministro at Pangulo, na walang iba kundi si Pangulong Marcos.

Ang mga gabinete o kagawaran ay tinawag na ministri imbes na kagawaran.

**Ang Interim Batasang Pambansa**

Dahilan sa inaprubahan ng mga tao ang Bagong Saligang-Batas, ipinatupad ni Pangulong Marcos ang Interim Batasang Pambansa bilang unang hakbang sa pagtatag ng Partiyamentaryong pamahalaan. Ito ang naging Pambansang Asembleya. Pinawalang-bisa at binuwag ang Senado at Kongreso. Bilang Punong Ministro, kabilang si Marcos at siya ring pinuno ng Batasang Pambansa.

**Ang Militar**

Patuloy na naging kataas-kataasang pinuno ng tanggulang pambansa si Pangulong Marcos habang siya ang Punong Ministro at Pangulo ng bansa. Malaki ang papel ng militar sa pagpapatakbo ng pamahalaan. Ang Ministro ng Tanggulang Pambansa at ang Hepe ng Sandatahang Lakas ay direktong nasa ilalim ng opisina ng Punong Ministro at Pangulong Marcos. Ang sinumang mapaghinalaan ay kaagad ikinukulong at hindi na dumadaan sa mga paglilitis.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**A.** Natalakay natin ang mga hakbang na isinagawa ni Pangulong Marcos upang maitatag ang Pamahalaang Awtoritaryang Konstitusyunal. Kung napansin mo, ginawang legal ng Konstitusyon at mga kautusan ng Pangulong Marcos ang pamahalaang iyan na naganap noong panahon ng Batas-Militar.

Ang mga ginawang hakbang ay nakalista sa ibaba. Iayos ang tamang pagkakasunud-sunod sa pamamagitan ng paglalagay ng bilog. Simulan sa bilang 1.

_____Nagtatag ng Parliyamentaryong Pamahalaan.

_____Nagpatawag ng Referendum.

_____Nagdeklara ng Batas-Marsyal.

_____Binuwag ang Senado at Kongreso.

_____Pinagtibay ang Saligang-Batas 1973.

_____Nagtatag ng Pambansang Asembleya o Batasang Pambansa.

_____Isinalin at pinag-isa ang kapangyarihang tagapagpaganap at tagapagbatas sa Punong ministro at Pangulo na walang iba kundi si Marcos.

**B.** Kilalanin ang sumusunod. Gawing gabay ang mga kahon sa itaas ng mga pahayag. Galingan mo ha?

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | F | | | | | | | |

1. Eleksyong pinagbatayan ng pagpapahaba ng panunungkulan ni Marcos.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | N |

2. Napagkasunduang susulat ng bagong Konstitusyon. Naging legal ito dahil sa Senate Bill 77.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | R | | | | | | | | | | | P | | | | | | | |

3. Kikilalanin bilang Pambansang Asemblea. Ipapalit ito sa Senado at Kongreso.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | I | | | | | | | | | | O |

4. Pamahalaang pamumunuan ng Punong Ministro o Prime Minister. Sa panahon ni Marcos ay pareho siyang Prime Minister at Pangulo.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | W | | | | | | | | | | |

5. Pamahalaang pinamumunuan lang iisang diktador.



**Tandaan Mo!**

- Pagkadeklara ng Batas-Militar, awtoritaryanismong konstitusyonal ang naging tawag sa ating pamahalaan.
- Ang pagiging diktador o awtoritaryan ni Pangulong Marcos ay naging legal. Pinagbatayan nito ang Referendum 1973, Senate Bill 77 at ang 1973 Konstitusyon. Nagawa ring palabasin ng Pangulo na ang lahat ng ito ay ginusto ng Pilipino.



**Gawain 3: Paglalapat**

Suriin mo ang mga nangyayari sa Pilipinas sa kasalukuyan. May mga mungkahi na ibalik ang Parliyamentaryong Pamahalaan. Kailangan bang gawin iyan ng pamahalaan? Pangatwiranan mo ____________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________


____________________________________________________________

**ARALIN 3:**

**MGA PAGBABAGONG NAGANAP SA PANAHON NG BATAS-MILITAR**



Sa araling ito ay malalaman mo ang mga pagbabagong panglipunan, pangkabuhayan at pampulitika noong panahon ng Batas-Militar. Susuriin natin kung maganda ba o hindi ang ibinunga nito.



Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng aralin:

1. Maiisa-isa ang mga pagbabagong panlipunan, pangkabuhayan at pampulitikang pagbabago ng Batas-Militar.
2. Matutukoy ang mabuti at di mabuting pagbabago sa panahon ng Batas-Militar;
3. Makapagbibigay ng reaksyon sa mga naidulot ng Batas-Militar.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sa panahon ng pamahalaang awtoritaryan ni Pangulong Marcos, naging bukambibig ang mga sumusunod:

Ipaliwanag mo ang iyong pagkakaunawa sa pamamagitan ng pangungusap.

1. Isang bansa, isang diwa.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan.

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Bagong bansa, bagong galaw, sa Bagong Lipunan

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Ako ay Pilipino may dugong maharlika. Likas sa aking puso ay mithiing kay ganda.

___________________________________________

___________________________________________

**Mga Pagbabagong Pampulitika**

Napansin mo marahil s mga ipinaliwanag mong mga kaisipan, ang kagandahan ng layunin ng pamahalaang Marcos sa panahon ng Batas-Militar. Natamo kaya ang mga iyon?

Mabibigat ang mga hakbang na isinagawa ng pamahalaang awtoritaryan. Mula sa isang demokratikong pamahalaan, ang Pilipinas ay pumalaot sa dagat ng diktaduryang pamamahala.

*Paglawak ng Pamunuang Militar*

Nalaman na natin na binuwag ang Senado at Kongreso at Batasang Pambansa. Ngunit dahil sa Batasang Pambansa ay Pangulong Marcos din, naipagpatuloy niya ang kanyang diktadurya. Bagama't itinuloy ang Korte Suprema at mababang hukuman, lumikha ang Pangulo ng Hukumang Militar at nagkaroon ng maraming pag-aresto. Patuloy na nasuspinde ang "Writ of Habeous Corpus." Bunga nito, ang mga pulitikong kalaban ng administrasyon ay nangakulong; ang iba ay nangibang-bansa upang maiwasan an pagtugis ng militarya.

***Ang Bagong Lipunan***

Inilunsad ng Pangulong Marcos ang Bagong Lipunan. Ginamit na islogan ang "Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan." Madaling napasunod ang karamihan sa paglikha ng mga bagong tanggapan.

Inilunsad din ang programang PLEDGES na kumakatawan sa.

P – Peace and order (kapayapaan)

L – Land Reform (Reporma sa lupa)

E – Economic Development (Kaunlarang Pangkabuhayan)
D – Development of Moral Values (Pagbabagong Moral)
G – Government Reform (Pagbabago s Gobyerno/Serbisyo)
E – Educational Reform (Pagbabagong Pang-edukasyon)
S – Social Services (Kagalingang Panlipunan)

**Kilusang Bagong Lipunan *(KBL)***

Tinipon ng Pangulong Marcos ang lahat ng mga ka-alyansa sa pulitika sa ilalim ng KBL, kasama ang Unang Ginang Imelda Marcos na nagkaroon ng maraming katungkulan.

**Kalipunan ng mga Barangay *(Barangay o People Assembly)***

Nag-utos si Pangulong Marcos sa pamamagitan ng Atas ng Pangulo 86, na lumikha ng mga asembleyang pambarangay. Pinalawak at pinasigla ang mga kilusang barangay.

**Kabataang Barangay**

Nagtatag ng samahan ng mga kabataan at ginawang tagapangulo ang anak niyang si Imee Marcos. Pinasigla at isinangkot ang mga kabataan sa mga proyektong pambarangay at pangsibiko.

**Mga Pagbabagong Panglipunan**

***Pangkatahimikan***

Ipinatupad ang *curfew* mula alas dos hanggang alas kuwatro ng umaga. Ang mga barangay ay nagtatag ng mga barangay-tanod at mga vigilantes.

***Pagpapaganda ng Kapaligiran at Kultura***

Pinangunahan ng Unang Ginang ang maraming proyekto sa pagpapaganda, paglilinis, pagtatanim ng puno at pagpapatayo ng Sentro

Kulutural ng Pilipinas at iba't ibang tanghalan upang mapasulong ang sining at kultura.

### *Serbisyo Publiko*

Nagtayo ng mga murang pabahay tulad ng BLISS sa Taguig, Kapitbahayan sa Navotas, Tenement sa Tondo. Nagtatag ng pamilihang bayan KADIWA para sa mahihirap. Nagpatayo rin ng mga ospital at gusaling pampubliko na nagbibigay ng murang konsultasyon gaya ng Philippine Heart Center at National Kidney Institute. Nagtatag ng MEDICARE upang maparating sa mamayan ang serbisyong pangkalusugan.

Sa isang banda, ginawang mahigpit ang pagpapalahad ng medya. Ang mga istasyon ng radyo, dyaryo at telebisyon ay ipinasara at hinalinhan ng mga istasyong pinalakad ng pamahalaan. Sa ganitong paraan, nasala ang mga balitang dumadating sa mga mamamayan.

Maging ang PLDT, Meralco eroplano (PAL) ay napasailalim lahat ng Pangulong Marcos at ng kanyang mga kaibigan. Marami pang ibang negosyo ang napasakamay ng mga pamilyang malalapit sa mga Marcos.

### Pagbabagong Pang-Edukasyon

Malawak ang reporma sa edukasyon. Nagpatayo ng mga paaralang nakilala bilang "Marcos type" na mga paaralan. Inilunsad ang Youth Civic Action Program (YCAP) na naglayong linangin ang kasanayan sa paggawa at paglahok ng mag-aaral sa mga proyektong panlipunan.

Isinama sa kurikulum ang pagmamahal sa paggawa, bokasyonal at teknikal. Nagkaroon ng CAT (Citizen Army Training) upang sanayin ang mga mag-aaral sa hayskul sa mga kasanayang pang-militar.

Inilunsad at ipinatupad ang NCEE (National College Entrance Examinations) upang mapataas ang kalidad ng antas pangkolehiyo.

**Mga Pagbabagong Pangkabuhayan**

***Reporma sa Pansasaka***

Malaki ang nagawa ni Pangulong Marcos sa pagpapasulong ng Repormang Pansakahan na nakapaloob sa Atas ng Pangulo Blg. 27. Binigyan ng karapatang mag-mayari ng lupa ang maliliit na magsasaka. Inilunsad din niya ang Masagana 99 o pagpapadami ng ani at produksyon sa palay sa pamamagitan ng pagpapabuti ng uri ng binhi ng palay o bigas.

***Pagbubukas ng Negosyong Pangkabuhayan***

Isinulong ng pamahalaang Marcos ang *"Parity Heights"* o ang pagbibigay ng parehong karapatan sa mga dayuhan sa paggamit ng mga likas na yaman o bansa. Nagtayo ng mga EPZA o *"Export Processing Zone"* sa bansa at nagkaroon ng "*Open Door Policy"* na nagbigay ng pahintulot na magtayo ang mga korporasyong multinasyonal ng mga negosyo sa bansa sa mababang buwis lamang.

Samantalang upang maisagawa ang maraming proyektong pang-infrustuktura, gaya ng mga tulay, mahahabang kalsada, LRT, expressway, at mga palengke, isinulong ang malawakang pangungutang sa IMF-World Bank na naging simula ng paglaki ng utang panlabas ng bansa.

Sa isang banda, nabuo sa panahon ng Awtoriyanismo ang NEDA, o National Economic Development Authority na naging pangunahing ahensiya ng pamahalaan sa pagpaplano ng programang pangkabuhayan. Naitatag din ng OWWA (Overseas Workers Welfare Administration) sa ilalim ng Phlippine Labor Code noong May 1, 1974, upang mabigyan ng mga pribelehiyo ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa Gitnang Silangan at ibang bansa.

Sa gitna ng maraming pagbabagong pang-ekonomiko, naging magastos ang gobyerno. Ang pamilya Marcos at ang kanilang mga kaanak at mga kaibigan ay nagkamal ng yaman at ang karamihan sa salapi ay nailabas at naideposito sa ibang bansa. Unti-unting bumagsak ang pambansang kita, tumaas ang halaga ng mga bilihin at dumami ang mahihirap. Samantalang naging maging mahirap

ang pagtuligsa sa pamahalaan at nawalan ng malayang pamamahayag sa bansa.

### Ang Pagtatapos ng Batas-Militar

Nasanay ang mga tao sa pamamalakad ng rehimeng-militar. Sa gitna ng kahirapan, ang mga mamamayan ay nagtiis habang ang mga "krony" ni Marcos ay nagsisiyaman. Ang mga intelektuwal, kalaban sa pulitiko, manggagawa at mga estudyanteng militante ay sinupil at maraming lider ang nakulong. Sa madaling tingin, tahimik na ang bansa.

Noong Disyembre 22, 1980 sa ika-45 na anibersaryo ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas, Kampo Aguinaldo, ideneklara ni Pangulong Marcos ang pagtatapos ng Batas-Marsyal. Sinabi niya: "Ngayon at sa wakas, ang sandali ng pagpapasya ay sumapit. Naniniwala akong ngayon na ang panahon upang wakasan ang kalagayang pambansang kagipitan. Ako'y taimtim na naniniwala nang taus-puso at katapatan, tulad nang walong taong nakaraan, na ang mapanganib na kalagayan ng bansa ang nagbunsod sa akin sa pangangailangang militar.

Ngayong malapit na ang sandali ng pagpapahayag ng pagwawakas ng batas-militar, muli kong sasabihin na hindi ako iiwas sa pananagutan ng pamumuno. Ang hakbang patungo sa pampulitikang normalisasyon ay nakaayos na, ang paghahasikan ay nakahanda na, ang batas ay matatag at handa na sa paghamon ng kinabukasan. Gagawa ako ngayon ng pinakamabigat na pasiya na magwawakas sa batas militar."

Ang hakbang na binanggit ng Pangulo ay ang paglagda sa Proklamasyon 2045, na nilagdaan nila noong Enero 17, 1981. Naging maayos ang pagpapahayag na ito, subalit may mga pasubali ang pangulo sa pagwawakas tulad ng **1)** pagpapatuloy ng sandatahang lakas upang mapigil ang krimen at insureksyon **2)** pananatili ng batas militar sa 2 rehiyong independiente sa Mindanao, at **3)** pananatili ng kapangyarihan ng Pangulo upang bumuo ng batas at umaresto ng kakalaban sa pamahalaan. Ang ganitong kondisyon ay


nagpatuloy hanggang sa umabot si Pangulong Marcos ng 20 taon sa kanyang panunungkulan.

Ilan sa mga naisakatuparan ng Batas-Militar pagkatapos ng 9 na taon ay pagpapagawa ng imprastraktyur. Ang inaaning palay ay nadagdagan. Ang pagbabahagi ng lupaing pansakahan ay naging tahimik at maayos.

Sa mga suliraning panlabas, sa tulong ni Unang Ginang Imelda R. Marcos ito ay sumulong. Naitatag ang relasyong pandiplomatiko sa Tsina, Unyong Sobyet at sa ibang mga bansang komunista sa Silangang Europa. Marami ring mga pulong pang-international ang ginanap sa Maynila.

Marami ring di masyadong nabigyan ng pansin sa panahong ito. Ilan dito ay ang pang-aabuso ng mga militar. Katiwalian nang huling taon sa malaking paglustay sa sektor ng pananalapi at pagbabangko nang huling dalawang taon.

Dahil dito nagkaroon ng dobleng implasyon, patuloy na tumataas ang utang panlabas at nagpapatuloy ang pagdami ng bilang ng walang hanapbuhay at ang pagbaba ng sahod ng manggagawa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**A.** Pagkatapos mong mabasa ang mga pagbabagong dulot ng Batas-Marsyal, paano mo sasagutin ang mga tanong na ito? Bilugan ang tamang sagot.

1. Ano ang **tama** sa sumusunod na pahayag?
    a. Puro masama ang naidulot ng Batas-Militar
    b. Puro mabuti ang naidulot ng Batas-Militar
    c. May mabuti at masamang naidulot ang Batas-Militar
2. Kailan nagwakas ang Batas-Militar sa Pilipinas?
    a. September 21, 1972
    b. Disyembre 22, 1980
    c. Enero 17, 1981
3. Ano ang hindi kasama sa pangkat?
    a. Pagkakaroon ng mga bagong imprastraktura.
    b. Pagtaas ng presyo ng bilihin.

c. Pagdami ng Pilipinong walang trabaho.

4. Ano ang **pinakatamang** pahayag ukol sa pagtatapos ng Batas-Militar?
   a. Kaguluhan ang dahilan kung kayat winakasan na ng Pangulong Marcos ang Batas-Militar.
   b. Maayos at mapayapa na ang bansa kaya't wawakasan na ang Batas-Militar.
   c. Nais na ng Pangulong Marcos na pumunta ng ibang bansa kaya minabuti na niyang wakasan ang Batas-Militar.
5. Ano ang **hindi aral** ng Batas-Militar sa mga Pilipino?
   a. Malaki ang bahaging ginamgampanan ng midya sa lipunan.
   b. Dapat higit sa lahat ay manatili tayong tapat sa bansa at hindi sa iisang pinuno lang.
   c. Kapag naging pinuno ka balan araw, isipin mong maging mabuting halimbawa at sikaping magkaroon ng mabuting paraan ng pamumuno.

**B. Panuto:** itapat ang aytem sa Hanay A sa pahayag sa Hanay B. Isulat ang titik sa linya.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| ___1. Atas ng Pangulo blg. 742 | a. Pagbabawal sa paglabas ng bahay mula 12 ng hatinggabi hanggang 4 ng umaga |
| ___2. Open Door Policy at Parity Rights | b. Reporma sa edukasyon |
| ___3. CPP | c.Pang-akit sa mga dayuhang mamuhunan. |
| ___4. Atas ng Pangulo blg.27 | d. Pagbibigay ng Awtonomiya sa Mindanao. |
| ___5. KADIWA | e. Programa kasabay ng pamahalaang Bagong Lipunan. |
| ___6. Masagana 99 | f. Pagpapalaya sa magsasaka sa lupang matagal ng sinasaka pero di kanila. |
| ___7. NCEE | g. Pagpapadami ng ani. |
| ___8. BLISS | h. Murang pagahay |
| ___9. Curfew | i. Samahan ng mga Pilipinong naniniwala sa komunismo |
| ___10. PLEDGES | j. Murang bilihin |

**C. Panuto:** Basahin ang mga nakasulat at subukan mong ipangkat sa tsart sa ibaba.

Curfew, Repormang Pansakahan, Pagkontrol sa Media, Repormang Pang-edukasyon, Reorganisasyon ng Pamahalaan, Pagdakip sa mga Pinaghihinalaang Laban sa Pamahalaan, Labor Law / OWWA, National Economic, Export Processing Zone, Pabahay na BLISS at PAG-IBIG, MEDICARE, Kidney Institute, Heart Center, CCP, pagdami ng abusadong dayuhang namumuhunan

**Tsart ng mga Pagbabago sa Panahon ng Batas-Militar**

| Pangkabuhayan | | Pampulitika | | Panlipunan | |
|---|---|---|---|---|---|
| Maganda | Di-Mabuti | Maganda | Di-Mabuti | Maganda | Di-Mabuti |
| | | | | | |

**D.** Nangyari na ba ito o hindi?

**Panuto:** Markahan ng tsek (✓) kung nangyari at ekis (x) kung hindi nangyari ang mga sumusunod na pahayag.

Sa panahon ng Batas-Militar…

___1. Kongreso ang gumagawa ng batas.

___2. Ang kapangyarihan lehislatibo at ehekutibo ay nasa kamay ng Pangulo.

___3. Barangay Assembly ang hihikayat sa mamamayang lumahok sa gawaing magpapaunlad sa Pilipinas.

___4. Naging masagana at maunlad ang Pilipinas.

___5. Pawang kasamaan ang dulot.

___6. Gumanda ang kapaligiran.

___7. May kalayaang magsalita at magpahayag ng opinyon.

___8. Nagkaroon ng maraming rali at demonstrasyon.

___9. Umabuso ang mga sundalo at pulis.

___10. Naging katulong ang Unang Ginang Imelda Marcos sa mga proyekto ng pamahalaan.



**Tandaan Mo!**

- Sa panahon ng Batas-Militar, nagkaroon ng mga malawakang pagbabagong pang-ekonomiya, pampulitika, at panlipunan.
- Sa larangan ng pulitika, naging diktadurya ang pamahalaan sa pamumuno ni Pangulong Marcos. Dahil dito, naisulong ang maraming pagbabago nang hindi dumadaan sa maraming pagtuligsa. Sa isang banda, namayani lamang ang mga pulitikong kampi kay Marcos at nawalan ng katungkulan ang mga kontra-partido.
- Sa larangan ng ekonomiya, naging malawakan ang pangungutang sa ibang bansa, ang pagpasok ang mga mamumuhunanng dayuhan at mga korporasyong multinational, at lumiliit ang pambansang kita.
- Ang mga pababagong panlipunan ay naisulong sa pamamagitan ng pagtatag ng Bagong Lipunan, at sa pasusulong ng mga repormang binubuo ng PLEDGES.
- Naibaba ang Batas-Militar nang Enero 17, 1981 subalit nagpatuloy ang diktaduryang Marcos hanggang sa dalawampung taon ng kanyang panunungkulan.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO!**

- Hindi lubusang nabigyang lunas ang suliraning pangkabuhayan sa panahon ng pamumuno ni Pangulong Macapagal. Ito ang nagbigay daan para sa pagkahalal ni Pangulong Marcos.
- May mga pangyayari sa pulitika, kabuhayan at lipunan na nagdulot ng sigalot at panganib na naging dahilan ng Pangulong Marcos para ideklara ang Batas-Militar noong September 21, 1972.
- Nagdulot ang batas militar ng mga pagbabago sa lipunan, kabuhayan at pulitika. Ilan dito ang maituturing na nakabuti sa mga Pilipino. Subalit, marami rin ang nakasama. Lalo na sa mga kumalaban sa pamahalaan.
- Dahil sa ginamit ng Pangulong Marcos ang referendum, saligang batas at mga presidential decree; tinawag ang kanyang panunungkulan na Awtoritaryanismong Konstitusyonal.
- Noong Enero 17, 1981, nilagdaan ng pangulo ang Proklamasyon 2045 na nagsaad ng pagtatapos ng 8 taong pamumunong militar. Marami ang nagduda sa pagwawakas dahil may tatlong pasubali ang pagwawakas at nagpatuloy ang kapangyarihan ng militar.



**PANGHULING PASUSULIT:**

Bilang pagtatapos, maaari mo bang sagutan ang sumusunod na tanong?

**A. Panuto:** Ayusin sa tamang pagkakasunod-sunod ang pangyayari na nasa scroll. Simulan sa blg.1.

- ❖ Ika-45 Anibersaryo ng Sandatahang Lakas
- ❖ Pagkawala ng trabaho ng maraming Pilipino.
- ❖ Parliament of the Streets
- ❖ Pakikipag-ugnayan sa mga bansang komunismo.
- ❖ Pagsusupinde ng Writ of Habeas Corpus

5. ____________________
4. ____________________
3. ____________________
2. ____________________
1. ____________________

**B. Panuto:** Subukan mong punan ang patlang ng mga naaalaala mo sa mga nakaraang talakayan. Maglagay ng isa lang sa bawat kahon. Lahat ito ay tungkol sa panahon ng Batas-Militar.

| Aspeto | Dahilan ng Pagkadeklara | Pagbabagong Idinulot |
|---|---|---|
| a. Pulitikal | | |
| b. Pangkabuhayan | | |
| c. Panlipunan | | |

**C. Panuto:** Isulat ang **T** kung tama at **M** kung Mali. Itama ang may salungguhit na salita kung mali ang pangungusap.

__________1. Si Ferdinand E. Marcos ang pangulong nagpatupad ng batas militar.

_________2. Tumagal ng 20 taon ang pagpapairal ng batas militar sa Pilipinas.

_________3. Isa sa magandang naisakatuparan ng batas militar ay ang pagpapatupad ng Reporma sa Lupa.

_________4. Marami ang nag-alinlangan sa pagwawakas ng batas militar noong Enero 17,1981.

_________5. DISIPLINA ang acronyms sa naging programa ng Bagong Lipunan.

_________6. Si Unang Ginang Imelda Marcos ang tumulong kay Pangulong Marcos sa pagpapaganda ng Pilipinas at pakikipag-ugnayan sa ibang bansa.

_________7. Naging maunlad at tahimik na bansa ang Pilipinas pagkatapos maipatupad ang batas militar.

_________8. Ang mga kaguluhan bago ideklara ang batas militar ay gawa-gawa lamang.

_________9. Ang pagdedeklara ng batas militar ay naaayon sa 1935 konstitusyon.

_________10. Maraming kalayaan ang natamo ng Pilipino sa panahon ng batas militar.



## Gabay sa Pagwawasto

**Panimulang Pagsusulit**

| **A.** | | **B**. Dahilan - Pagbabago | |
|---|---|---|---|
| 1. M | 7.M | 2 | 1 |
| 2. T | 8.T | 4 | 3 |
| 3. M | 9.T | 6 | 5 |
| 4. T | 10.M | 9 | 7 |
| 5. M | | 8 | |
| 6. T | | 10 | |

**ARALIN 1 ANG BATAS MARSYAL AT DAHILAN SA PAGDEDEKLARA NITO**

| | | |
|---|---|---|
| 1. Tatawagin ang nanay o tatay. | 1.Parliament of the Streets | 1.pulitikal |
| 2. Barangay Captain | 2. Writ of Habeas Corpus | 2.Kabuhayan |
| 3.Alkalde o Mayor | 3. di-rehistradong armas | 3.lipunan |
| 4.Pangulo | 4. estudyante | 4.kabuhayan |
| 5.Ferdinand E. Marcos | 5.MILF | 5.kabuhayan |
| 6. Mahaba ang panunungkulan | 6. CPP | 6.lipunan |
| | 7. Enrile | 7.pulitikal |
| | 8. Marcos | 8.pulitikal |
| | 9.namumuhunan | |
| | 10. langis | |
| | 11.Plaza Miranda | |
| | 12. Pulis | |

**ARALIN 2**

**F. Gawain # 2**

1.HS
2.S
3.HS
4.S
5.HS
6.S
7.S
8.HS
9.HS
10.HS

**H. Mga posibleng sagot:**

Oo, dahil paraan ito para masiguro ang katahimikan ng buong bansa.

Hindi, para sa akin may iba pang paraan para masiguro ang katahimikan ng bansa.

(oo man o hindi ang sagot mo ay tama, basta may paliwanag ang mga sagot mo.)

**D. Posibleng sagot:**

1.Oo o Hindi
2.Iisa
3. Hindi ko pa alam

**H. Posibleng sagot:**

Oo, dahil ito ang sinasabi ng kasaysayan.

Hindi, dahil pabor lahat kay dating pangulong Marcos ang resulta ng referendum.

**F. Gawain # 3**

1.Referendum
2.ConCon
3. interimBatasangPambansa
4.Parliyamentaryo
5. Awtoritaryan

| D. | F.Gawain # 4 | H. |
|---|---|---|
| **Pangkabuhayan** | 1. D | 1. X |
| Maganda ------ di-mabuti | 2. C | 2. / |
| Land reform - abusadong namumuhunan | 3. I | 3. / |
| Labor law | 4. F | 4. X |
| Economic Development | 5. J | 5. X |
| EPZ's | 6. G | 6. / |
| **Pulitikal** | 7. B | 7. X |
| Maganda ------ di-mabuti | 8. H | 8. / |
| Phil.Constabulary- reorganisasyon ng pamahalaan | 9. A | 9. / |
| **Panlipunan** | 10.E | 10. / |

Maganda ------ di-mabuti

PAG-IBIG – Curfew

MEDICARE – Kontrol sa Midya

Kidney Institute- pagdakip sa kalaban ng pamahalaan Heart Center at CCP

Aralin 5

**D.Posibleng sagot:**

1. Oo o Hindi
2. Oo o Hindi
3. Oo o Hindi

**F. Gawain # 5**

1. C
2. C
3. A
4. B
5. A

**H. Posibleng sagot:**

1. Maayos ito
2. Parang hindi totoo dahil sa mga pasubali.
3. Nilagdaan ito noong Enero 17, 1981.
4. May masama at mabuti itong naidulot.

**Panimulang Pagsusulit**

| A. | C. |
|---|---|
| 5. Pagkawala ng trabaho ng mga Pilipino | 1. T |
| 4. Ika- 45 Anibersaryo ng Sandatahang Lakas | 2. M – 8 taon |
| 3. Pakikipag-ugnayan sa Bansang Komunista | 3. T |
| 2. Pagsuspinde sa Writ of Habeas Corpus | 4. T |
| 1. Parliament of the Streets | 5. M - PLEDGES |

**B. Posibleng sagot**:

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Dahilan | Pagbabago | |
| Lipunan- | pananambang kay Enrile | pagsuspinde sa writ of habeas corpus | |
| kabuhayan- | pag-alis ng namumuhunan | Parity Rights | |
| Pulitika | Parliament of the Streets | Curfew | |

6. T
7. M- mas mahirap at magulo
8. T
9. T
10. M – walang kalayaan